



PAANO IPAPAALAM ANG ALALAHANIN TUNGKOL SA PAG-UUGALI NG ISANG TAO

MAAARI KO BANG IPAALAM ANG ANUMANG ALALAHANIN NA MAY KINALAMAN SA FOOTY?

Oo, maaari mong ipaalang ang anumang alalahanin na may kinalaman sa footy. Ito ay maaaring seryoso, tulad ng iyong kaligtasan o ang kaligtasan ng iba pang bata o kabataang kasali sa footy. Maaari rin itong isang bagay na dahilan ng iyong pag-aalala na may kaugnayan sa laro, sa pasilidad o sa iba pa. May karapatan kang sabihin na masama o hindi ligtas ang isang pag-uugali at seseryosohin ang iyong sinasabi.



MGA KAHULUGAN

Ang Bata: ay isang taong kasama sa footy na 12 taong gulang o mas bata – kadalasan ay isang manlalaro ngunit maaari ring kapatid ng isang manlalaro o anak ng isang nasa hustong gulang sa club.

Ang Kabataan: ay isang taong kasali sa footy na nasa pagitan ng edad na 13 at 18 taong gulang – karaniwan ay isang manlalaro ngunit maaari ring isang reperi (umpire) o may ibang tungkulin sa club, o isang kapatid o anak ng isang manlalaro.

Ang taong nasa hustong gulang: ay isang taong kasama sa footy na mahigit sa 18 taong gulang – ito ay maaaring isang coach, manager, umpire, opisyal ng club, kawani ng AFL, volunteer, at/o isang magulang.

PAANO KO IPAPAALAM ANG ANUMAN?

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iba pang bata o kabataan, o nakakita o nakarinig ka ng isang bagay na parang hindi tama, mahalagang magsalita ka:



Makipag-usap sa isang magulang, tagapag-alaga, miyembro ng pamilya o pinagkakatiwalaang taong nasa hustong gulang tulad ng isang coach, tagapamahala ng team, reperi, opisyal o kinatawan ng club.



Isulat ang iyong mga alalahanin at ipasa ang mga ito sa iyong club o samahan sa pamamagitan ng email o liham.



Gamitin ang QR code na ito para maipaalam ang iyong alalahanin sa AFL.



Para sa anumang tanong tungkol sa safeguarding, mag-email sa childsafety@afl.com.au
Kontakin ang Kids helpline sa 1800 55 1800 (wala itong bayad)
o www.kidshelpline.com.au

Tandaan, gusto namin na lahat ng mga bata at kabataan sa footy ay maging ligtas, makaramdam na ligtas, maglaro nang ligtas.

Gaya ng karaniwang ginagawa, kung mayroong sinumang nasa panganib, kontakin ang pulisya sa 000

PAANO KO MALALAMAN KUNG DAPAT AKONG MAGSALITA?

Dapat kang magsalita kung may hindi ligtas na pag-uugali o anumang pag-uugali na ipinag-aalala mo.


Dapat kang magsalita kung ang isang tao sa footy (isang coach, isang opisyal, isang volunteer, isang magulang o isa pang manlalaro) ay ginagawa ang alinman sa mga sumusunod sa iyo o sa ibang bata o kabataan:

- nararamdaman mong hindi ka komportable o hindi ligtas sa pamamagitan ng contact o komunikasyon
- hinihipo ka nang may malisya o sa paraan na nakakasakit o nakakapinsala sa iyo
- nang-iinsulto o minamaliit ka o gumagamit ng mga parusa na nakakasakit o hindi ka isinasali, o
- walang ginagawa para protektahan ka laban sa ibang taong gumagawa ng ganitong mga bagay sa iyo

- magsalita ka kung alam mong hindi tama ang isang pag-uugali.

Kasama dito ang mga pag-uugali na nakakainsulto o nakakasakit sa iyo tungkol sa iyong pisikal na anyo, katawan, kakayahan o kapansanan, kultura o lahi, kasarian o sekswalidad.

Posibleng ang mga hindi angkop na pag-uugaling ito ay mga uri ng pang-aabuso ng bata. Walang lugar para sa pang-aabuso ng bata sa footy. Kung ipapaalam ang iyong mga alalahanin, mapipigilan namin itong mangyari at mapapanatili kang ligtas at ang iba pang mga kabataan.

 Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tingnan ang **Ano ang anyo ng pang-aabuso sa footy?** na papel-kaalaman; ipinapaliwanag nito ang iba't ibang uri ng pang-aabuso sa bata, kung ano ang maaaring anyo ng hindi ligtas na pag-uugali, at kung ano ang maaari mong gawin tungkol dito.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAGSASALITA AKO LABAN SA HINDI LIGTAS NA PAG-UUGALI?

- 1** Ikaw **ay** pakikilingan at paniniwalaan. Lahat ng alalahanin gaano man kalaki o kaliit ay sineseryoso.
- 2** Ikaw **ay** bibigyan ng pribado at ligtas na lugar para makipag-usap sa isang mapagkakatiwalaang tao.
- 3** Ikaw **ay** aanyayahan na isama ang iyong mga magulang o miyembro ng pamilya para suportahan ka kapag ibinabahagi mo ang iyong mga alalahanin, kung ito ay ligtas at naaangkop.
- 4** Ang iyong mga alalahanin **ay** iimbestigahan at idodokumento nang naaangkop.
- 5** Kung ang pag-uugali na iyong isinusumbong ay labag sa batas, ito **ay** iuulat sa pulisya at/o iba pang may-kinalamang awtoridad.
- 6** **Walang magiging anumang** mga epekto sa iyong posisyon sa team dahil ipinahayag mo ang isang alalahanin.

MAAARI KO BA ITONG IPAALAM NANG HINDI AKO MAKIKILALA?

Oo, gayunpaman pakitandaan na kung hindi mo ibibigay sa amin ang iyong pangalan, hindi ka namin mababalikan para sa karagdagang impormasyon o mabibigyan ng update tungkol sa aming gagawin.

Magagawa mo ito sa pamamagitan ng paggamit ng aming QR Code para ipaalam ang alalahanin.



PAANO KUNG MAY SINABI SA AKIN ANG KAIBIGAN KO PERO AYAW NIYANG SABIHIN KO ITO KAHIT KANINO?

Ang pagtiwalaan ng iyong kaibigan ay talagang mahalaga, lalo na kung nakakaranas siya ng isang bagay na ginagawa siyang hindi ligtas. Maaari mo siyang hikayatin na magsalita, palakasin ang kanyang loob, alukin na isama ka bilang suporta at panatagin ang kanyang loob.

O kaya naman, ito ay maaaring isa sa mga pagkakataon na maaari mong sirain ang kanyang pagtitiwala, kung sa tingin mo ay hindi siya ligtas at nangangailangan ng suporta at proteksyon ng isang ka-edad o ng isang taong nasa hustong gulang. Siguro sabihin mo muna sa iyong magulang o sa isang pinagkakatiwalaang tao at humingi ng tulong sa kanila.